



Social Security

Mga Benepisiyo sa Pagreretiro

www.socialsecurity.gov

Tawagan ang Social Security

Bisitahin ang aming website

Ang aming website, www.socialsecurity.gov, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisyong Medicare;
- Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
- Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
- Humiling ng kapalit na Medicare card; at
- Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

Tumawag sa aming libreng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Ano ang nasa loob

Ang Social Security at ang iyong mga plano sa pagreretiro 4

Ang iyong mga benepisiyo sa pagreretiro 4

Mga benepisiyo ng pamilya..... 9

Ano ang dapat mong malaman kapag ikaw ay maging-marapat para sa mga benepisiyo sa pagreretiro 12

Tungkol sa Medicare..... 17

Ang Social Security at ang iyong mga plano sa pagreretiro

Ang Social Security ay bahagi ng plano sa pagreretiro ng halos lahat ng Amerikanong manggagawa. Kung ikaw ay isa sa 96 porsiyentong manggagawa na sinasakop ng Social Security, dapat mong malaman kung paano gumagana ang sistema at kung ano ang dapat mong matanggap mula sa Social Security kapag ikaw ay nagretiro. Ang librito na ito ay nagpapaliwanag kung paano ka maging-marapat para sa mga benepisiyo ng Social Security, kung paano maaaring makaapekto ang iyong mga kinikita at edad sa iyong mga benepisiyo, kung ano ang dapat mong isipin sa pagpapasya kung kailan magreretiro at kung bakit ikaw ay hindi dapat umasa lamang sa Social Security para sa iyong kikitain sa pagreretiro.

Ibinibigay ng librito na ito ang saligang impormasyon tungkol sa mga benepisiyo ng pagreretiro ng Social Security at hindi nito binabalak na sagutin ang lahat ng mga katanungan. Para sa tiyak na impormasyon tungkol sa iyong kalagayan, dapat mong kausapin ang isang kinatawan ng Social Security.

Ang iyong mga benepisiyo sa pagreretiro

Paano ka maaring maging-marapat para sa mga benepisiyo sa pagreretiro?

Kapag nagtrabaho at nagbabayad ka ng mga buwis sa Social Security, kumikita ka ng mga “kredito” para sa mga benepisiyo ng Social Security.

Ang bilang ng mga kredito na kailangan mo upang makakuha ng mga benepisiyo sa pagreretiro ay batay sa kung kailan ka ipinanganak. Kung ikaw ay ipinanganak noong 1929 o pagkatapos noon, kailangan mo ng 40 kredito (10 taon ng trabaho).

Kung tumigil ka sa pagtrabaho bago ka nakakuha ng mga sapat na kredito upang maging-marapat para sa mga benepisiyo, ang mga kredito ay mananatili sa talaan ng iyong Social Security. Kung bumalik ka sa trabaho sa ibang panahon, maaari kang magdagdag ng mga kredito upang ikaw ay maging maging-marapat. Hindi kami maaaring magbayad ng anumang mga benepisiyo sa pagreretiro hangga’t iyong nakuha ang kinakailangang bilang ng mga kredito.

Gaano kalaki ang makukuha mong benepisiyo sa pagreretiro?

Ang benepisiyo na ibabayad sa iyo ay batay sa iyong kinikita habang ikaw ay nagtrabaho. Ang mga mas mataas na kinikita habang buhay ay magresulta sa mas mataas na mga benepisiyo. Kung mayroong mga taon kung kailan hindi ka nagtrabaho o mababa ang iyong mga kinita, ang halaga ng iyong benepisiyo ay maaaring maging mas mababa kaysa kung ikaw ay tuluy-tuloy na nagtrabaho.

Ang benepisiyo na ibabayad sa iyo ay batay rin sa edad kung kailan ikaw ay nagpasiyang magretiro. Kung ikaw ay nagretiro sa edad na 62 taon (ang pinakamaagang edad na maaring magretiro para sa Social Security), ang iyong benepisiyo ay magiging mas mababa kaysa kung naghintay ka sa darating na panahon na magretiro. Ito ay karagdagang ipinapaliwanag sa mga pahina ng 6 at 7.

TANDAAN: *Kung ikaw ay isang manggagawa na edad 60 o mas matanda na hindi tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security, ikaw ay makatatanggap ng Paglalahad mula sa Social Security (Social Security Statement) bawat taon na siyang nagbuuod sa iyong mga kinikita. Ang mga manggagawa na malapit nang maging 25 taong gulang ay makatatanggap ng isahang Paglalahad o Statement sa koreo. Kung ikaw ay isang manggagawa na edad 18 o mas matanda, maaari kang makakuha ng Paglalahad online. Ito ay maaaring isang mahalagang instrumentong makakatulong sa iyo sa pagpapalano ng isang matatag na hinaharap na pampinansyal. Nagkaloob ito sa iyo ng isang talaan ng iyong mga kinikita at nagbibigay ng mga pagtatantiya kung ano ang iyong mga benepisiyo sa Social Security sa iba't ibang edad ng pagreretiro. Nagbibigay din ito ng pagtatantiya sa mga benepisiyo sa kapansanan na maaari mong matanggap kung sakaling ikaw ay malubhang mabalda bago ang pagreretiro, maging mga pagtatantiya sa mga benepisiyo ng mga nabubuhay (survivors) na ibibigay ng Social Security sa iyong asawa at mga lehitimong miyembro ng pamilya kung ikaw man ay pumanaw. Upang lumikha ng isang account online sa pagrepaso ng iyong Statement, bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov/mystatement.*

Maaari kang makakuha ng mga pagtatantiya sa benepisyo sa pagreretiro

Maaari mong gamitin ang online Retirement Estimator upang makakuha ng agaran at pansariling pagtatantiya ng mga benepisyo sa pagreretiro upang makatulong sa iyo na makapag-plano sa iyong pagreretiro. Ang online Retirement Estimator ay isang kombenyente, ligtas at mabilis na instrumento sa pagpaplanong pampinansyal, dahil inaalís nito ang pangangailangang ipasok ng manu-mano ang impormasyon nang ilang taong mga kinita. Ang ‘estimator’ ay tutulungan kang lumikha ng mga senaryo na “paano kung”. Maaari mong, halimbawa, baguhin ang iyong “tigil trabaho” (stop work) na mga petsa o mga inaasahang kikitaaín sa hinaharap upang makalikha o maihambing ang iba’t ibang mga opsyon sa pagreretiro.

Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng *Online Retirement Estimator (Online na Pagtatantiya sa Pagreretiro, Publikasyon Blg. 05-10510)* o kopya ng *How To Use the Online Retirement Estimator (Paano Gumamit ng Online na Pagtatantiya sa Pagreretiro, Publikasyon Blg. 05-10511)* o bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov/estimator.

Ang buong edad ng pagreretiro

Kung ikaw ay ipinanganak noong 1944 o mas maaga, ikaw ay karapat-dapat para sa iyong kabuuang benepisyo sa Social Security. Kung ikaw ay ipinanganak mula 1943 hanggang 1960, ang edad na kung saan ang mga benepisyo sa pagreretiro na babayaran ay unti-unting lumalaki hanggang edad 67. Ang mga sumusunod na talahanayan ay naglilista ng kabuuang edad ng pagreretiro ayon sa taon ng kapanganakan.

Edad upang matanggap ang mga buong benepisiyo ng Social Security

| <i>Taon ng kapanganakan</i> | <i>Ang buong edad ng pagreretiro</i> |
|-----------------------------|--------------------------------------|
| 1943 – 1954 | 66 |
| 1955 | 66 at 2 buwan |
| 1956 | 66 at 4 buwan |
| 1957 | 66 at 6 buwan |
| 1958 | 66 at 8 buwan |
| 1959 | 66 at 10 buwan |
| 1960 at pagkatapos noon | 67 |

PAUNAWA: *Mga taong ipinanganak noong ika-1 ng Enero ng anumang taon ay dapat sumangguni sa nakaraang taon.*

Maagang pagreretiro

Maaari mong makuha ang mga benepisiyo sa pagreretiro sa Social Security sa maagang edad na 62. Gayunpaman, ikaw ay makakatanggap kung ikaw ay magreretiro bago ang iyong kabuuang edad ng pagreretiro. Halimbawa, kung ikaw ay magreretiro sa edad 62, ang iyong benepisiyo ay halos 25 porsyentong mas mababa kaysa kung ano ang siyang dapat kung ikaw ay maghihintay hanggang sa iyong kabuuang edad ng pagreretiro.

Ang ilang mga tao ay titigil sa pagtrabaho bago ng edad na 62. Ngunit kung tumigil sila, ang mga taon kung kailan wala silang kita ay maaaring mangahulugang mas mababang benepisiyo sa Social Security kapag sila ay nagretiro.

PAUNAWA: *Paminsan-minsan, ang mga problema sa kalusugan ay dahilan kung bakit mapilitang magretiro nang maaga ang isang tao. Kung hindi ka makakapagtrabaho dahil sa mga problema sa kalusugan, dapat mong pag-isipan na mag-hain para sa mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan. Ang halaga ng benepisiyo para sa kapansanan ay kagaya ng isang buong, hindi binawang benepisiyo sa pagreretiro. Kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan kapag narating mo ang buong edad ng pagreretiro, ang mga benepisyong iyon ay gagawing mga benepisiyo sa pagreretiro. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami para humiling ng kopya ng publikasyong Mga Benepisiyo Para Sa Kapansanan (Publikasyon Blg. 05-10029-TL).*

Ipinagpaliban na pagreretiro

Maaari mong piliing patuloy na magtrabaho kahit lampas sa iyong buong edad ng pagreretiro. Kung ganoon, maaari madagdagan ang iyong mga benepisiyo sa Social Security sa hinaharap sa pamamagitan ng dalawang paraan.

Ang bawat karagdagan taong pagtrabaho ay nagdaragdag ng isa pang taon ng mga kita sa iyong talaan ng Social Security. Ang mga mas mataas na kinikita habang buhay ay maaaring mangahulugang mas mataas na mga benepisiyo kapag ikaw ay nagretiro.

At ang iyong benepisiyo ay kusang tataas ng isang takdang porsiyento mula sa panahong narating mo ang iyong buong edad ng pagreretiro hanggang sinimulain mong matanggap ang iyong mga benepisiyo o hanggang narating mo ang edad na 70. Ang porsiyentong ito ay mag-iba-iba batay sa taon ng iyong kapanganakan. Halimbawa, kung ikaw ay ipinanganak noong 1943 o mas huli pa, magdaragdag kami ng 8 porsiyento bawat taon sa iyong benepisiyo para sa bawat taon na ipinagpaliban mo ang pagtanggap ng benepisiyo sa Social Security nang lampas sa iyong buong edad ng pagreretiro.

PAUNAWA: *Kung nagpasiya kang ipagpaliban ang iyong pagreretiro, siguraduhing mag-hain para sa Medicare sa edad na 65. Sa ilang kalagayan, ang mga gastos sa medical insurance (medikal na seguro) ay mas malaki kapag ipinagpaliban mong mag-hain para dito. Ang ibang impormasyon tungkol sa Medicare ay nasa mga pahinang 17-19.*

Ang pagpapasiya kung kailan magreretiro

Ang pagpapasiya kung kailan magreretiro ay isang mahalaga ngunit isang pansariling kapasiyahan. Kahit ano pa ang edad na iyong pinili na magretiro, mas makakabuti kung makipag-ugnay nang mas maaga sa Social Security upang malaman ang mga makukuhang opsyon at makagawa ng intelhenteng pagpapasya. Sa ilang kalagayan, ang pinili mong buwan ng pagreretiro ay maaaring mangahulugang mas mataas na mga babayaranang benepisiyo para sa iyo at sa iyong pamilya.

Kapag magpapasiya kung kailan magreretiro, mahalagang tandaan ang mga sinasabi ng mga bihasa sa pananalapi na kakailanganin mo ng 70-80 porsiyento ng iyong bago magretiro na kita (suweldo bago magretiro) upang magkaroon ng maginhawang pagreretiro. Dahil ang benepisyong pagreretiro sa Social Security ay humalili ng 40

porsiyento lamang ng dati mong kita habang ikaw ay nagtrabaho, kaya napakahalaga na magkaroon kayo ng mga pensiyon, mga perang iniipon at mga pamumuhunan.

Makipag-bigay alam sa amin kapag handa ka ng mag-hain para sa mga benepisiyo. Kung pinag-iisipan mo pa lang na mag-hain para sa mga benepisiyo sa pagreretiro, iminu-mungkahi naming makipag-usap ka sa kinatawan ng Social Security mga ilang buwan pa bago ng taon na kung saan binabalak mong magretiro sa www.socialsecurity.gov/retire.

Mga benepisiyo sa pagreretiro para sa mga biyuda at mga biyudo

Ang mga biyuda at mga biyudo ay maaaring magsimulang makatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security sa edad na 60, o sa edad na 50 kung sila ay may kapansanan. At maaari silang kumuha ng mas mababang benepisiyo sa isang talaan, at sa darating na panahon, lumipat sa isang buong edad na benepisiyo sa ibang talaan. Halimbawa, ang isang babae ay maaaring makakuha ng mas mababang benepisiyo para sa isang biyuda sa edad na 60 o 62 at pagkatapos lumipat sa kanyang buong (100 porsiyentong) benepisiyo sa pagreretiro kapag umabot siya sa buong edad ng pagreretiro. Ang mga alituntunin ay nagkakaiba-iba batay sa kalagayan, kaya dapat mong kausapin ang isang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga karapatan na mapagpipilian mo.

Mga benepisiyo ng pamilya

Mga benepisiyo para sa mga kapamilya

Kung ikaw ay kumukuha ng mga benepisiyo sa pagreretiro sa Social Security, ang ilang mga miyembro ng iyong pamilya ay maaari ring makatanggap ng mga benepisiyo, kabilang ang:

- Mga asawa, kung sila ay 62 o mas matanda;
- Mga asawa na mas bata sa 62 taong gulang, kung sila ay nag-aalaga ng isang bata na lehitimong nasa iyong talaan na mas bata sa 16 taong gulang o may kapansanan;
- Mga dating asawa, kung sila ay 62 taong gulang o mas matanda (tingnan ang “Mga Benepisiyo para sa isang diborsyong asawa” sa pahina 12);
- Mga batang hanggang 18 o 19, kung sila ay kabuuang-oras na magaaral na hindi pa nakapagtapos ng mataas na paaralan; at
- Mga batang may kapansanan, kahit na sila ay 18 taong gulang o mas matanda.

Kung naging magulang ka ng isang bata (kabilang ang isang inampon na bata) pagkatapos mo magsimulang tumanggap ng mga benepisiyo, sabihin sa amin na may bata upang makapagpasiya kami kung ang bata ay maging-marapat para sa mga benepisiyo.

TANDAAN: *Ang mga benepisiyo sa mga bata ay maibibigay lamang sa mga batang wala pang asawa. Gayunpaman, sa ilang mga sitwasyon, ang mga benepisiyo ay mababayaran sa isang may kapansanang bata na nagpakasal sa isang tao na mayroon ding kapansanan mula sa pagkabata.*

Ang mga benepisiyo ng isang asawa

Ang isang asawang hindi nagtrabaho o mababa ang mga kinikita ay maaaring maging-marapat sa hanggang kalahati ng buong benepisiyo ng isang retiradong manggagawa. Kung ikaw ay maging-marapat para sa iyong mga benepisiyo sa pagreretiro at para sa mga benepisiyo bilang isang asawa, lagi naming babayaran muna ang iyong mga sariling benepisiyo. Kung ang iyong mga benepisiyo bilang isang asawa ay mas mataas kaysa sa iyong mga benepisiyo sa pagreretiro, tatanggap ka ng isang kombinasyon ng mga benepisiyo na katumbas ng mas mataas na benepisiyo ng asawa.

Kung narating mo na ang kabuuang edad ng pagre-retiro, at kung ikaw ay karapat-dapat tumanggap ng benepisyong sakop ng asawa mo sa ngayon o kung may iba ka mang asawa noon at ng sa sarili mo, maari mong piliin na tumanggap muna ng benepisiyo na galing sa asawa mo at para patuloy na maipon ng tuluyan ang lahat ng napintong kredito ng sarili mong talaan sa Social Security. Ikaw din ay maaaring mag-file para sa mga benepisiyo sa hinaharap at tumanggap ng mas malaking buwanang benepisiyo batay sa epekto ng mga kredito sa naantalang pagreretiro.

Kung tumatanggap ka ng pensyon haming sa mga kinita mo na hindi ka naman nag-bayad ng buwis ng Social Security, ang benepisyong matatanggap ng asawa mo ay maaaring mas maliit. Karagdagang kaalaman ng mga pensyon galing sa ipinag-trabaho na hindi nasasakupan ng Social Security ay matatagpuan sa mga pahina 16 nitong publikasyon.

Kung ang mga asawa ay nais makakuha ng mga benepisiyo sa pagreretiro sa Social Security bago nila marating ang kabuuang edad sa pagreretiro, ang halaga ng benepisiyo ay may bawas. Ang halaga ng ibabawas ay batay sa kung kailan narating ng tao ang buong edad ng pagreretiro.

Halimbawa:

- Kung ang buong edad ng pagreretiro ay 65, ang isang asawa ay makakakuha ng 37.5 porsiyento ng hindi binawasang benepisiyo ng manggagawa sa edad na 62;
- Kung ang buong edad ng pagreretiro ay 66, ang isang asawa ay makakakuha ng 35 porsiyento ng hindi binawasang benepisiyo ng manggagawa sa edad na 62;
- Kung ang buong edad ng pagreretiro ay 67, ang isang asawa ay makakakuha ng 32.5 porsiyento ng hindi binawasang benepisiyo ng manggagawa sa edad na 62.

Ang halaga ng benepisiyo ay tumataas kapag tumanda hanggang sa pinakamalaki na 50 porsiyento sa buong edad ng pagreretiro. Kung ang buong edad ng pagreretiro ay naiiba sa mga ipinapakita rito, ang halaga ng benepisiyo ay maaring sa pagitan ng 32.5 porsiyento at 37.5 porsiyento sa edad na 62.

Gayunman, kung nag-aalaga ang iyong asawa ng isang bata na wala pang 16 taong gulang o tumatanggap ng mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan sa iyong talaan ng Social Security, ang iyong asawa ay tatanggap ng mga buong benepisiyo, anuman ang edad.

Eto ang isang halimbawa:

Si Mary Ann ay maging-marapat para sa isang benepisiyo sa pagreretiro na \$250 at isang benepisiyo ng asawa na \$400. Sa kanyang buong edad ng pagreretiro, makukuha niya ang kanyang sariling \$250 na benepisiyo sa pagreretiro, at magdaragdag kami ng \$150 mula sa benepisiyo ng kanyang asawa, para sa kabuuang \$400. Kung kinuha niya ang kanyang benepisiyo sa pagreretiro bago ng kanyang buong edad ng pagreretiro, ang halaga noong dalawa ay babawasan.

TANDAAN: *Ang iyong kasalukuyang asawa ay hindi makakatanggap ng mga benepisiyo ng asawa hanggang ikaw ay mag-file para sa mga benepisiyo sa pagreretiro. Gayunpaman, kung ikaw ay nasa kabuuang edad ng pagreretiro, maaari kang mag-apply sa mga benepisiyo sa pagreretiro at pagkatapos ay humiling na isuspinde ang mga pagbabayad. Sa ganitong paraan, ang iyong asawa ay maaaring makatanggap ng benepisiyo ng asawa at maaari kang kumita ng mga kredito sa pagreretiro hanggang sa edad 70. Isang asawa lamang ang maaaring makapag-apply para sa “asawa lamang” na mga benepisiyo.*

Ang mga pinakamalaking benepisiyo ng pamilya

Kung ikaw ay may mga anak na maging-marapat para sa Social Security, ang bawat isa ay tatanggap ng hanggang kalahati ng iyong buong benepisiyo. Ngunit may hangganan sa halaga ng perang maaaring ibayad sa isang pamilya—karaniwang 150-180 porsiyento ng benepisiyo na ibabayad sa iyo. Kung ang mga kabuuang benepisiyo na makukuha ng iyong asawa at mga anak ay higit sa hangganang ito, ang kanilang mga benepisiyo ay mababawasan. Ang iyong benepisiyo ay hindi maaapektuhan.

Ang mga benepisiyo para sa isang diborsyong asawa

Ang iyong diborsyong asawa ay maaaring makakuha ng mga benepisiyo sa iyong talaan ng Social Security kung ang pagkakasal ay nagtagal ng kahit 10 taon man lamang. Ang iyong diborsyong asawa ay dapat 62 o mas matanda at walang asawa.

Ang halaga ng mga benepisiyo na makukuha niya ay walang epekto sa halaga ng mga benepisiyo na maaaring makukuha mo o at ng iyong kasalukuyang asawa.

At kung ikaw at ang iyong dating asawa ay dalawang taon man lamang nag-diborsiyo at ikaw at ang iyong dating asawa ay 62 man lamang, siya ay maaaring makakuha ng mga benepisiyo kahit na hindi ka retirado.

Ano ang dapat mong malaman kapag ikaw ay maging-marapat para sa mga benepisiyo sa pagreretiro

Paano ang pag-hain para sa Social Security?

Maaari kang mag-hain online para sa mga benepisiyo ng pagreretiro sa www.socialsecurity.gov, o maaari mong tawagan ang aming libreng numero, **1-800-772-1213**. O maaari kang makipag-tipanan upang bisitahin ang anumang tanggapan ng Social Security upang mag-hain nang personal.

Batay sa mga pangyayari sa iyong buhay, kakailanganin mo ang ilan o lahat ng mga dokumentong nakalista sa ibaba. Ngunit huwag ipagpaliban ang pag-hain para sa mga benepisiyo dahil wala sa iyo ang lahat ng impormasyon. Kung wala ka ng isang dokumentong kailangan mo, matutulungan ka naming makuha ito.

Ang kinakailangang impormasyon:

- Ang iyong numero ng Social Security;

- Ang iyong sertipiko ng kapanganakan;
- Ang iyong mga pormularyo ng W-2 o self-employment tax return para sa nakaraang taon;
- Ang iyong military discharge papers (mga papeles ng pahintulot na umalis sa militar) kung mayroon ka dating serbisyong militar;
- Ang mga sertipiko ng kapanganakan ng iyong asawa at numero ng Social Security kung siya ay nag-hahain para sa mga benepisiyo;
- Ang mga sertipiko ng kapanganakan ng mga bata at mga numero ng Social Security kung ikaw ay nag-hahain para sa mga benepisiyo ng mga bata;
- Katibayan ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos o legal na katayuan bilang dayuhan kung ikaw (o ang isang asawa o ang iyong anak na nag-hahain para sa mga benepisiyo) ay hindi ipinanganak sa Estados Unidos; at
- Ang pangalan ng iyong pampinansyal na institusyon, ang numero sa pagruruta (routing number) at ang iyong numero ng account, upang ang iyong mga benepisiyo ay maaaring maideposito direkta sa iyong account. Kung ikaw ay walang account sa isang pampinansyal na institusyon o mas gustong matanggap ang iyong mga benepisiyo sa pamamagitan ng isang 'prepaid debit card', maaari kang makatanggap ng isang Direct Express® card. Para sa mga karagdagang impormasyon, bumisita sa ***www.GoDirect.org***.

Kakailanganin mong ibigay ang orihinal na dokumento o mga kopyang sertipikado ng ahensiyang namamahala nito. Maaari mo silang ipadala o dalhin sa Social Security. Kopyahing seroks namin at isasauli sa iyo ang mga dokumento.

Ang karapatang mag-apela

Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasiya na nagawa sa iyong pahayag (claim), maaari mo itong i-apela. Ang mga hakbang na dapat mong gawin ay ipinapaliwanag sa *Ang Proseso ng Mga Apela* (Publikasyon Blg. 05-10041-TL).

Maaari mong pangasiwaan ang iyong sariling apela kasama ang libreng tulong mula sa Social Security o maaari kang pumili na magkaroon ng isang kinatawan na siyang tutulong sa iyo. Maaari ka naming bigyan ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng isang kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon hinggil sa pagpipili ng isang kinatawan, humingi ng kopya ng *Ang Iyong Karapatan na Katawanin* (Publikasyon Blg. 05-10075-TL).

Kung nagtrabaho ka at sabay kang tumatangap ng mga benepisiyo

Maaari kang magpatuloy na magtrabaho at tumanggap pa rin ng mga benepisiyo sa pagreretiro. Ang iyong mga benepisiyo sa Social Security ay hindi babawasan ng iyong mga kinikita sa (o pagkatapos ng) buwan kung kailan ka umabot sa buong edad ng pagreretiro. Gayunman, ang iyong mga benepisiyo ay mababawasan kung ang iyong mga kinikita ay lampas ng ilang takdang hangganan para sa mga buwan bago mo marating ang iyong buong edad ng pagreretiro. (Tingnan ang talahanayan sa pahina 7 upang mahanap ang iyong kabuuang edad sa pagreretiro.)

Ito ay ginagawa sa sumusunod na paraan:

Kung ikaw ay mas bata sa buong edad ng pagreretiro, ang mga benepisiyo ay babawasan ng \$1 para sa bawat \$2 na kinikita mo higit sa taunang hangganan.

Sa taon na umabot ka sa iyong buong edad ng pagreretiro, ang iyong mga benepisiyo ay babawasan ng \$1 para sa bawat \$3 na kinikita mo na higit sa isang taunang hangganan hanggang sa buwan na umabot ka sa buong edad ng pagreretiro. Oras na umabot ka sa buong edad ng pagreretiro, maaari kang magpatuloy na magtrabaho at maaari mong kitain ang lahat ng makakaya mo, at ang iyong benepisiyo sa Social Security ay hindi mababawasan.

Kung sa taon kung kailan ang iyong mga kinikita ay mas mataas o mas mababa kaysa sa natantiya mo, sabihin sa amin sa pinakamadaling panahon upang maisaayos namin ang iyong mga benepisiyo.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano naaapektuhan ng mga kinikita ang iyong benepisiyo sa pagreretiro, tawagan kami upang makakuha ng kopya ng *Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisy* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL), na may mga kasalukuyang taun-taon at buwanang haangganan sa kinikita.

Isang di-karaniwang buwanang patakaran

May isang di-karaniwang patakaran na gawin sa iyong mga kinikita para sa isang taon, karaniwan sa iyong unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng patakarang ito, makukuha mo ang buong tseke ng Social Security para sa anumang **buwan** na ikaw ay “retirado”, anuman ang iyong mga taunang kita. Ang iyong mga kinikita ay dapat nasa ilalim ng isang buwanang hangganan.

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano naapektuhan ng mga kinikita ang iyong benepisiyo sa pagreretiro, tawagan kami upang makakuha ng kopya ng publikasyong *Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisiyo* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL), na may mga kasalukuyang taun-taon at buwanang hangganan sa kinikita.

Maaaring binuwisan ang iyong mga benepisiyo

Humigit-kumulang sa one-third ng mga taong nakakakuha ng Social Security ang dapat magbayad ng mga buwis sa kita sa kanilang mga benepisiyo.

- Kung ikaw ay magpa-file ng isang pederal na tax return bilang isang “indibidwal,” at ang iyong pinagsamang kinikita* ay sa pagitan ng \$25,000 at \$34,000, ikaw ay kailangang magbayad ng mga buwis ng hanggang 50 porsiyento ng iyong mga benepisiyo sa Social Security. Kung ang iyong pinagsamang kinikita* ay mahigit sa \$34,000, hanggang 85 porsiyento ng iyong mga benepisiyo sa Social Security ay sasailalim sa income tax.
- Kung nag-file kayo ng isang joint return, maaaring kailangan mong magbayad ng mga buwis sa 50 porsiyento ng iyong mga benepisiyo kung ikaw at ang iyong asawa ay may pinagsamang suweldo* na nasa pagitan ng \$32,000 at \$44,000. Kung ang inyong pinagsamang suweldo* ay higit sa \$44,000, hanggang 85 porsiyento ng iyong mga benepisiyo sa Social Security ay mapapailalim sa kitang pangbuwis.
- Kung ikaw ay may asawa at nag-file ng hiwalay na balik buwis, malamang na magbabayad ka ng mga buwis sa iyong mga benepisiyo.

Sa katapusan ng bawat taon, padadalhan ka namin ng isang *Social Security Benefit Statement (Pahayag ng Benepisiyo ng Social Security, Pormularyo SSA-1099)* na nagpapakita ng halaga ng mga benepisyong natanggap mo. Maaari mong gamitin ang pahayag na ito

kapag kinukumpleto mo ang iyong federal balik buwis sa kinita upang malaman kung kailangan mong magbayad ng mga buwis sa alinman sa iyong mga benepisiyo.

Bagamat hindi ka kinakailangang magkaroon ng federal taxes withheld (pagkait ng buwis), maaaring mas madali ito para sa iyo kaysa pagbabayad ng quarterly estimated tax payments (mga tinantiyang pagbabayad sa buwis bawat tatlong buwan).

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa libreng tawag ng Internal Revenue Service sa numero ng telepono, **1-800-829-3676**, upang humiling ng kopya ng *Tax Guide for Seniors (Impormasyon sa Buwis Para sa Mga Nakakatanda*, Publikasyon Blg. 554), at *Social Security And Equivalent Railroad Retirement Benefits (Mga Benepisiyo sa Social Security at Mga Katumbas na Benepisiyo sa Pagreretiro sa Railroad*, Publikasyon Blg. 915).

**Sa 1040 tax return, ang inyong “pinagsamang suweldo” ay ang kabuuan ng inyong isinaayos na gross income (buong kita) at walang buwis na interes at kalahati ng inyong mga benepisiyo sa Social Security.*

Mga pensiyon mula sa trabaho na hindi sinasaklaw ng Social Security

Kung tumatanggap ka ng pensiyon mula sa trabaho kung saan ikaw ay nagbabayad ng mga pangbuwis na Social Security, ang pensiyon na iyon ay walang epekto sa iyong mga benepisiyo sa Social Security. Gayunman, kung nakakuha ka ng pensiyon mula sa trabaho na hindi sinaklaw ng Social Security—halimbawa, ang federal civil service, ang ilang estado o lokal na trabaho sa gubyerno o trabaho sa ibang bansa—maaaring mabawasan ang iyong benepisiyo sa Social Security.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Social Security upang hilingin ang mga publikasyon: *Government Pension Offset (Ang Pag-offset ng Pensiyon sa Gobyerno*, Publikasyon Blg. 05-10007, magagamit sa Ingles lamang)—para sa mga manggagawa ng gubyerno na maaaring maging-marapat para sa mga benepisiyo sa Social Security sa talaan ng kinikita ng isang asawa; at *Windfall Elimination Provision (Probisyon para sa Pagtanggap ng Windfall*, Publikasyon Blg. 05-10045, magagamit sa Ingles lamang)—para sa mga taong nagtrabaho sa ibang bansa o sa mga manggagawa ng gubyerno na maging-marapat rin para sa kanilang mga sariling benepisiyo sa Social Security.

Kapag aalis sa Estados Unidos

Kung ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos, maaari kang maglakbay o tumira sa karamihan ng mga ibang bansa nang hindi naapektuhan ang iyong pagiging maging-marapat para sa mga benepisiyo sa Social Security. Gayunman, may ilang mga bansa—Cambodia, Cuba, North Korea, Vietnam at marami sa mga republiko ng dating Soviet Union (maliban sa Armenia, Estonia, Latvia, Lithuania at Russia)—kung saan hindi kami makapagpapadala ng mga tseke ng Social Security.

Kung ikaw ay nagtrabaho sa labas ng Estados Unidos, mayroong mga naiibang patakarán sa pagtitiyak kung makakakuha ka ng mga benepisiyo.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami para humiling ng kopya ng publikasyong *Your Payments While You Are Outside The United States (Ang iyong mga Pagbabayad Habang Ikaw ay Nasa Labas ng Estados Unidos, Publikasyon Blg. 05-10137, magagamit sa Ingles lamang).*

Tungkol sa Medicare

Ang Medicare ay isang plano sa segurong pangkalusugan (health insurance plan) para sa mga tao na nasa edad 65 o mas matanda. Ang mga tao na mayroong kapansanan o mayroong permanenteng pagkasira ng bato (kidney failure) ay maaaring makakuha ng Medicare anuman ang edad.

May apat na bahagi ang Medicare

- Hospital insurance (Part A) tutulong sa pagbabayad ng mga singil sa ospital para sa pangangalaga ng pasyente habang nasa ospital at ilang pagsasagawang kasunod na serbisy.
- Medical insurance (Part B) tutulong sa pagbabayad ng singil para sa mga serbisyo ng doctor, pangangalaga ng palabas na pasyente at iba pang mga serbisyong medical.
- Medicare Advantage plans (Part C) ay makukuha sa maraming lugar. Ang mga taong na may mga sakop sa Part A at B ay maaring tumanggap ng lahat ng mga serbisyong pangangalaga ng kalusugan mula sa isang nagkakaloob ng mga paglilingkod sa ilalim ng Part C.
- Ang saklaw sa de-resetang gamot (Part-D) ay tumutulong na bayaran ang mga medikasyon na inirereseta ng mga doktor para sa paggamot.

- Kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisyong sa Social Security nang ikaw ay tumuntong sa edad 65, ang iyong seguro sa pagpapa-ospital sa Medicare (Part-A) ay awtomatikong nagsimula. Kung ikaw ay naninirahan sa Estados Unidos, karaniwan ay awtomatikong ipapatala (enrol) sa segurong medikal (Part-B). Ang mga residente ng Puerto Rico o ibang mga bansa ay hindi awtomatikong makakatanggap ng Part-B. Kailangan nilang ihalal o piliin ang benepisyong ito.
- Kung ikaw ay hindi sa kasalukuyan ay nakakakuha ng Social Security, dapat kang makipag-ugnayan sa amin tatlong buwan bago ang iyong ika-65 na kaarawan upang magpatala o mag-sign up sa Medicare. Maaari kang mag-sign up sa Medicare kahit na wala kang planong magretiro sa edad na 65. Para sa karagdagang impormasyon, humingi ng kopya ng *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

Tulong sa mga gastos sa Medicare para sa mga tao na mababa ang kinikita

Kung ikaw kumikita ng mababa at ka-kaunti ang mga pag-aaring yaman mo, ang state ay maaaring bayaran ang iyong mga kabayaran sa Medicare at, sa ilang mga kaso, ang ibang mga “labas-sa-bulsang” (“out-of-pocket”) pagga-gamutang gastos, tulad ng mga kabawasan (deductible) at may kaseguraduhang (coinsurance).

Ang iyong estado ay maaaring mag-desisyon kung ikaw ay magiging-marapat para sa tulong mula sa Medicare Savings Programs. Upang malaman, makipag-ugnayan sa iyong estado o sa ahensya ng lokal na tulong medikal (Medicaid), mga serbisyong panlipunan (social services) o sa tanggapan ng kapakanang panlipunan (welfare office).

“Karagdagang Tulong” sa mga gastusin para sa niresetang gamot sa Medicare

Kung ikaw ay mayroong limitadong kinikita (na nakatali sa pederal na antas ng kahirapan) at limitadong mapagkukunan, ikaw ay maaaring maging-marapat para sa Karagdagang Tulong upang mabayaran ang iyong mga de-resetang gamot sa ilalim ng Medicare Part-D. Ang tungkulin ng Social Security sa programang ito ay ang:

- Makatulong sa iyo na maunawaan kung paano maaaring maging karapat-dapat;
- Makatulong sa iyo na makumpleto ang aplikasyon sa karagdagang tulong, at
- Iproseso ang iyong aplikasyon.

Kung ikaw ay mag-a-apply para sa Karagdagang Tulong, kami rin ay magsisimula ng isang aplikasyon para sa Medicare Savings Programs, maliban na lamang kung sabihin mo na hindi. Upang makita kung ikaw ay karapat-dapat o para mag-apply, tumawag ng libre sa Social Security o bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov/extrahelp.

www.socialsecurity.gov



Social Security Administration
SSA Publikasyon Blg. 05-10035-TL
Retirement Benefits (Tagalog)
July 2012

